7.4

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG OKTUBRE 15, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | ......... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ......... | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan | ......... | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ......... | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | ......... | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | ......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ......... | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ......... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 142-T'07

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 41-T2007/ KAUTUSANG PAMBARANGAY BLG. 3-T2007 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG GATID NA NAGTATAKDA NG MGA ALITUNTUNIN AT PATAKARAN NG PAGPAPATALA SA MGA BAGONG MANINIRAHAN O TITIGIL PANSAMANTALA SA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 41-T2007 / Kautusang Pambarangay Blg. 3-T2007 ng Sang. Brgy. ng Gatid na nagtatakda ng mga panuntunan para sa pagpapatala ng mga bagong maninirahan o titigil pansamantala sa barangay

**SAPAGKA'T,** matapos na maisagawa ang pag-aaral, pagsusuri at pagwawasto sa naturang kapasiyahan / kautusan, at malaman ang kapakinabangang maidudulot nito sa pangangalaga ng katahimikan at kaayusan ng barangay ay inirekomenda ng Tagapamuno ng Lupon sa Batas na pagtibayin ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ramon D. Tan, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 41-T2007 / Kautusang Pambarangay Blg. 3-T2007 ng Kgg. Sangguniang Barangay ng Gatid na nagtatakda ng mga alituntunin at patakaran ng pagpapatala sa mga bagong maninirahan o titigil pansamantala sa barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan at Sang. Brgy. ng Gatid, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

Alan T. Pamatmat
**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan



11/15

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Sta. Cruz
**BARANGAY NG GATID**

9-27-07

**SINIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG GATID NA GINANAP NOONG IKA-15 NG HULYO 2007 SA GANAP NA IKA-8:00 NG GABI SA PAMAHALAANG BARANGAY.**

MGA DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ISIDORO OCAMPO | ------ | PUNONG BARANGAY |
| KGG. ANTONIO EVANGELISTA | ----- | KAGAWAD |
| KGG. OSCAR BALINGIT | ----- | KAGAWAD |
| KGG. ELIGIO AMIL | ----- | KAGAWAD |
| KGG. NOEL SALVADOR | ------ | KAGAWAD |
| KGG. LIWANAG AGNAZATA | ----- | KAGAWAD |
| KGG. FELECISIMO FRANCIA | ----- | KAGAWAD |
| KGG. MANUEL BANDILLO | ----- | KAGAWAD |
| GNG. LUCY C. REYES | ----- | KALIHIM |
| GNG. GARDENIA CARRIEDO | ------ | INGAT-YAMAN |

DI-DUMALO :

KGG. JAN MICHAEL LATEO ------ S.K. CHAIRMAN

**KAPASIYAHAN BLG. 41 T'2007**

**ISANG KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG GATID NA MAGTAKDA NG MGA PANUNTUNAN PARA SA PAGPAPATALA SA LAHAT NG MGA MANINIRAHAN SA BARANGAY, PIRMIHAN MAN O PANANDALIAN.**

SAPAGKAT, binigyang-pansin at pagpapahalaga ng Sangguniang ito ang pangangalaga sa katahimikan at kaayusan ng Barangay Gatid.

SAPAGKAT, kapansin-pansin ang pagdami ng mga naninirahan at tumitigil sa naturang Barangay, matagal man o panandalian.

SAPAGKAT, ang ganitong kalagayan ay madalas pagmulan ng kaguluhan at kung di pag-uukulan ng pansin ay maaaring lumikha ng krimen o pangamba sa buhay ng mamamayan sa naturang Barangay.

KUNG KAYA'T DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kgg. Kgd. Felecisimo Francia na pinangalawahan ng Kgg. Kgd. Liwanag Agnazata na buong sinang-ayunan ng lahat ay dito'y dumalo

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang sumusunod na:

**KAUTUSANG PAMBARANGAY BLG. 3 T' 2007**

**KAUTUSANG PAMBARANGAY NA NAGTATAKDA NG MGA ALITUNTUNIN AT PATAKARAN NG PAGPAPATALA SA MGA BAGONG MANINIRAHAN O TITIGIL PANSAMANTALA SA BARANGAY GATID.**

SEKSIYON I - Mahigpit na ipinag-uutos sa mga naninirahan sa Brgy. Gatid, pirmihan man o panandalian na magpatala sa Tanggapan ng Sangguniang Barangay.

SEKSYON II - Ipinag-u[illegible] ang pagdadala ng litrato o larawan at an[illegible] ang legal na pagkakakilanlan sa oras ng pagpapatala.

SEKSYON III - Ipinag-uutos na punan ang Transcient Form sa Pamahalaang Barangay ng sinomang maninirahan na hihigit sa sampung araw at bibigyan ng 24 na oras matapos mapadalhan ng kabatiran ukol sa kautusan.

SEKSYON IV - Ipinag-uutos sa mga may paupahang bahay at apartment o kaya ay may-ari ng tahanang tinitigilan ng mga bagong naninirahan na ipabatid sa Pamahalaang Barangay ang pangalan o mga pangalan ng mga umuukopa o tumitigil sa kanila.

SEKSYON V - Itinatakda ang halagang Sampung Piso (P10.00) bilang kabayaran sa pagpo-proseso ng mga kailangan sa pagpapatala.

SEKSYON VI - Ang paglabag sa itinatakda ng Seksyon I, Seksyon III, at Seksyon IV ay papatawan ng multang P200.00 o kaya ay sasampahan ng kaso sa hukuman sa paglabag dito.

SEKSYON VII - Ang ano mang bahagi ng mga Kautusang Pambarangay na sumisinsay sa kautusang ito ay pinawawalang- bisa.

SEKSYON VIII - Ang kautusang ito ay magkakabisa 15 araw matapos na maipaskel sa mga hayag na lugar.

**PINAGTIBAY NGAYONG IKA-15 NG HULYO 2007**

INUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang mga kinauukulan para sa kanilang kabatiran at pagpapasiya.

PINATUTUNAYAN KONG TUMPAK AT WASTO ANG NAKASAAD SA KAUTUSANG ITO.

Inihanda:

**LUCY C. REYES**
Kalihim

NAGPATOTOO:

**KGG. ANTONIO EVANGELISTA**
*KAGAWAD*

**KGG. OSCAR BALINGIT**
*KAGAWAD*

**KGG. ELIGIO AMIL**
*KAGAWAD*

**KGG. NOEL SALVADOR**
*KAGAWAD*

**KGG. LIWANAG AGNAZATA**
*KAGAWAD*

**KGG. FELECISIMO FRANCIA**
*KAGAWAD*

**KGG. MANUEL BANDILLO**
*KAGAWAD*

**KGG. JAN MICHAEL LATEO**
*S.K. CHAIRMAN*

**KGG. ISIDORO C. OCAMPO**
*PUNONG BARANGAY*